
# Mga Bakuna sa COVID-19

## Mga Tanong sa Fertility - Pag-alam sa Katotohanan mula Kathang-isip




### Paano gumagana ang mga bakuna sa COVID-19?

- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay tumutulong sa ating mga katawan na ipagtanggol ang sarili nito laban sa sakit na COVID-19.
- Tinuturuan ng mga bakuna sa COVID-19 ang iyong katawan na makilala ang virus na nagdudulot ng COVID-19.
- Pagkatapos ng pagbabakuna, gumagawa ang iyong katawan ng mga antibody ("mga fighter cell") na nananatili sa iyong dugo para maprotektahan ka kung sakaling mahawaan ka ng virus sa hinaharap.



### Mababago ba ng mga bakuna sa COVID-19 ang aking DNA?

Hindi. Hindi nakikipag-ugnayan o binabago ng mga bakuna sa COVID-19 ang ating DNA (henetikong materyal).

### Mas mapanganib bang magkasakit ng COVID-19 ang mga buntis kaysa sa mga hindi buntis?

Oo, nasa mas mataas na panganib ang mga buntis na magkaroon ng malubhang sakit, manganak nang maaga (pagsilang ng sanggol nang wala pang 37 linggo) at posibleng pagkalaglag ng binubuntis (makunan). Nasa mas mataas na panganib ang mga hindi nabakunahang buntis na may COVID-19 na magkaroon ng malubhang sakit (hal., pneumonia), pagkakaospital, at pagdami ng mga pag-admit ng mga bagong silang na sanggol sa intensive care. Maaaring maprotektahan ka at ang iyong sanggol sa pamamagitan ng pagkuha ng mga na-update sa 2023-2024 na mga bakuna sa COVID-19.



### Makakaapekto ba sa fertility ang mga bakuna sa COVID-19?

HINDI nagdudulot ng mga problema sa fertility sa mga kababaihan o kalalakihan ang mga bakuna sa COVID-19. Kung sinusubukan mong mabuntis ngayon o gusto mong mabuntis sa hinaharap, inirerekomenda sa iyo na tumanggap ng bakuna sa COVID-19.

Hindi inirerekomenda ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) ang regular na pagsusuri sa pagbubuntis bago ang pagbabakuna sa COVID-19, at hindi mo kailangang iwasan ang pagbubuntis pagkatapos mabakunahan para sa COVID-19.

### Puwede ba akong makakuha ng bakuna sa COVID-19 kung ako ay buntis o nagpapasuso?

Oo! Inirerekomenda ang pagbabakuna sa COVID-19 para sa mga babaeng buntis, nagpapasuso, sinusubukang mabuntis ngayon, o maaaring mabuntis sa hinaharap.

**Para sa Karagdagang Impormasyon:**

covid19.nj.gov/vaccines
cdc.gov/covid19

NJ Health
New Jersey Department of Health

Binago noong Abril 2024